

4 SUPORTA SA PAGPAPALAKI NG ANAK

(1) “Ikuchan” Net

Portal site (homepage, cellphone site) ito kung saan ipinagtapon ang impormasyon kaugnay sa pagpapalaki ng anak, bilang instrumento ng pagbibigay ng impormasyon simula sa mga Papa, Mama na nagpapalaki ng anak, sa mga samahan ng suporta sa pagpapalaki ng anak, NPO, kumpanya at iba pang sumusuporta sa pagpapalaki ng anak.

“Ikuchan” Net Homepage: <https://www.ikuchan.or.jp/index.html>

(2) Serbisyong “Ikuchan”

May mga 6,700 kumpanya at tindahan sa loob ng prefecture na nagbibigay ng matulunging serbisyo sa mga bata at tahananang nagpapalaki ng anak. Sa mga tindahang may serbisyong “Ikuchan,” may kids’ space, lugar para sa pagpapasuso at pagpapalit ng lampin, at nagbibigay ng mainit na tubig para sa gatas ng sanggol.

At kapag ipinakita ang “Larawang Ikuchan” na ipinapadala sa mga miyembro ng Kids☆mail magazine, makakatanggap ng diskwento sa bayad, mas maraming point at iba pang serbisyo.

Mangyaring hanapin mula sa “Ikuchan” net ang tindahang may serbisyong “Ikuchan.”



(3) Kids☆“merumaga” (mail magazine)

Mail magazine ito naghahatid ng impormasyong mapapakinabangan sa pagpapalaki ng anak tulad ng “Impormasyon sa mga okasyong mapaglilibangan ng magulang at anak,” “Payo mula sa pediatrician, dentista,” “Impormasyon sa kahina-hinalang tao” at iba pa, para sa mga tatay at nanay na kasalukuyang nagpapalaki ng anak.

Taong sakop sa pagrehistro	Maaaring maging miyembro ng Kids☆“merumaga” ang kahit sinong nangangailangan ng impormasyon sa pagpapalaki ng anak. Libre ang pagrehistro/paggamit! (Bayad sa pagtanggap lamang ang pasanin ng taong gumagamit)
Nilalamang impormasyon	<input type="radio"/> Bagong impormasyon ng “Ikuchan” net <input type="radio"/> Impormasyon sa okasyong mapaglilibangan ng magulang at anak <input type="radio"/> Salaysay sa karanasan, payo sa pagpapalaki ng anak at pagdisiplina <input type="radio"/> Impormasyon sa kahina-hinalang tao, impormasyon sa mga oxidant <input type="radio"/> Payo mula sa pediatrician, dentista <input type="radio"/> Balita tungkol sa pagtuturo, talakayan upang maging magaan ang pagpapalaki ng anak <input type="radio"/> Balita mula sa pamahalaan
Bagay na dapat pag-ingatan	Kapag magrerehistro mula sa cellphone o smart phone, mangyaring tiyakin muna kung hindi tinatanggihan ang email mula sa PC bago mag-apply.
Magrehistro mula rito	Page para sa pagrehistro sa cellphone o smart phone 